Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

DEC 1 1 2008

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 561 , s. 2008

IKA-37 PAMBANSANG GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Pambansang Samahan ng mga Tagamasid at Tagapagtaguyod ng Filipino (PASATAF) at sa pakikipag-ugnayan sa Kawanihan ng Edukasyong Elementarya, Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon, Komisyon sa Wikang Filipino at Sangay ng Lungsod ng Baguio ay magdaraos ng Ika-37 Pambansang Gawaing Kapulungan sa Filipino sa Mayo 4-7, 2009 sa Teachers Camp (Junior Mess), Lungsod ng Baguio. Ang paksang diwa ng gawaing-kapulungan ay **"Ang PASATAF sa Pagharap sa Mga Isyung Pangwika".**

2. Ang layunin ng gawaing-kapulungan ay ang mga sumusunod:

a. maiangkop ang mga guro at mga tagapagtaguyod ng wika sa napapanahong mga isyu at iba pang usapin ukol sa paglinang ng wikang Filipino at sa pagtuturo nito sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya;
b. maisapanahon ang mga kaalaman ng mga guro ukol sa mga bagong kalakaran sa kurikulum ng elementarya, sekundarya at tersyarya;
c. masuri ang mahabang performance ng Filipino sa National Achievement Test (NAT); at
d. mapahalagahan at mabigyang-pagkilala ang mga natatanging guro sa Filipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya.

3. Inaasahang dadalo sa kapulungang ito ang pambansang pamunuan at lupon ang mga director ng PASATAF, mga kinatawan ng kawanihan sa tanggapang sentral ng DepED, CHED at KWF, mga panrehiyon at pansangay na tagamasid sa Filipino, mga punongguro o sinumang hihiranging kinatawan sa elementarya, sekundarya, tersyarya at unibersidad na pang-estado at pribado, mga dati nang kasapi ng PASATAF, mga miyembro ng iba't ibang kapisanang pangwika at pang-edukasyon, mga gurong nagtuturo ng Filipino at ng mga asignaturang ang wikang panturo ay Filipino.

4. Ang lahat ng dadalo ay magbabayad ng Apat na Libong Piso (PhP4,000.00) para sa rehistrasyon sa regular na kasapi na gugugulin sa pagkain at akomodasyon sa loob ng apat na araw, hand-out, bag, t-shirt, bayad kasapian, honorarya at iba pang gastusin at karagdagang Tatlongpung Piso (PhP30.00) para sa mga bagong kasapi. Ang nabanggit na halaga at pamasahe mula sa kanilang pinanggalingan patungo sa lungsod ng Baguio at pabalik ay dapat na manggaling sa pondong lokal na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pag-oodit. Samantala, ang mga gugugulin ng kawani ng miyembro ng iba't ibang lupon ng tanggapang sentral ng DepED ay manggagaling sa nailaang pondo ng kawanihan para sa katulad na gawain.

5. Ang sinumang nagnanais na magbigay ng paunang bayad sa rehistrasyon ay tatanggapin lamang sa loob ng dalawang (2) linggo bago ang nakatakdang gawaing-kapulungan. Maaari itong ipangalan sa PASATAF at ipadala kay Bb. Gloria I. Alday, Ingat-Yaman ng PASATAF sa DepED NCR, Gen. Santos St., NAPOCOR Village, Tandang Sora, Quezon City. Ang hindi makapagpapadala ng paunang rehistrasyon ay maaaring magpatala at magbayad sa mismong araw ng kapulungan. Walang magaganap na reservasyon ng mga kasama. Paiiralin pa rin ang first-come, first-served lalo na sa akomodasyon ng mga silid-tulugan.

6. Magkakaroon ng pagpili sa Natatanging Guro sa Filipino sa antas elementarya, sekundarya at tersyarya. Magkakaroon din ng Patimpalak sa Masining na Pagkukuwento at Makata ng PASATAF ng Taon. Kalakip ng Memorandum na ito ang mga panuntunan sa pagpili at patimpalak.

7. Mahigpit na ipinaaalala na iwasang magsama ng anak, asawa o kaibigang makasasagabal sa gawaing-kapulungan. Magdala rin ng kaukulang gamot para sa may maseselang karamdaman. Hindi pananagutan ng PASATAF at mga tagapagtaguyod nito ang mga dadalong may mga karamdaman.

8. Ang unang pagkain ay sa hapunan ng Mayo 3 at ang huli ay meryenda sa hapon ng May 7, 2009. Di pananagutan ng PASATAF ang pagtira sa Teachers Camp at pagkain na di sakop ng naturang panuntunan. Ang mga kasapi ng Lupon ng mga Direktor ay dapat dumating sa Mayo 3 para sa pagpupulong sa gabi ng nasabing petsa.

9. Kalakip nito ang mga Programa ng mga Gawain at ang talaan ng mga bumubuo sa iba't ibang lupon. Mangyaring tumawag o makipag-alam sa mga sumusunod para sa mga katanungan at karagdagang impormasyon:

| | | |
|---|---|---|
| Dr. Marlen C. Tillah<br>Pangulo, PASATAF<br>Sangay ng Zamboanga City<br>CP # 0929-5018-161 | G. Mer G. Lalo<br>Kalihim, PASATAF<br>Sangay ng Rehiyon IV-B<br>Tel. blg. 637-4184 | Bb. Gloria I. Alday<br>Ingat-Yaman, PASATAF<br>Sangay ng NCR<br>Tel. blg. 921-5630/926-2233 |

10. Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**TEODOSIO C. SANGIL, JR.**
Pangalawang Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasad
Sanggunian: Memorandum Pangkagawaran: Blg. 123, s. 2008
Pamumudod: 1- -(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan:

Learning Area, FILIPINO
SEMINARS

SOCIETY or ASSOCIATIONS
TEACHERS

Maricar/DM-PASATAF
11-27-08

Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 561, s. 2008

Mga Tuntunin at Pamantayan sa Pagpili ng Natatanging Guro sa Filipino

1. Ang paligsahan ay bukas sa lahat ng mga guro sa Filipino sa antas elementarya sekundarya at tersyarya na kasapi ng PASATAF
2. Nararapat na siya'y may performance rating na "Very Satisfactory" pataas sa loob ng tatlong taon.
3. Siya ang panrehiyong nanalo na pinatutunayan ng kanyang Direktor o panrehiyong superbisor.
4. Ang bawat kandidato ay bibigyan ng puntos sa mga sumusunod na aytem:

| | | |
|---|---|---|
| 4.1 Personalidadd at Pag-uugali | - | 5% |
| 4.2 Mga natapos na pag-aaral | - | 3% |
| 4.3 Mga natatanging nagawa | - | 32% |
| 4.3.1 Demonstration Teacher sa loob ng 3 taon | - | 5% |
| 4.3.2 Nagsagawa ng seminar | - | 1% |
| 4.3.3 Resource speaker/facilitator/resource person | - | 4% |
| 4.3.4 Nagpakita ng inobasyon sa pagtuturo | - | 5% |
| 4.3.5 Gumawa ng kagamitang pampagtuturo | - | 5% |
| 4.3.6 Nagsagawa ng pananaliksik | - | 5% |
| 4.3.7 Trainor | - | 5% |
| 4.3.8 Natanggap na karangalan | - | 3% |
| 4.4 Teaching Performance (huling 3 taon) | - | 5% |
| 4.5 Professional Development/Seminar na dinaluhan | - | 5% |
| 4.6 Aktwal na Pakitang-turo | - | 50% |
| Total | - | 100% |

5. Ang panrehiyong nanalo at kakatawan sa rehiyon ay magsusumite ng mga sumusunod na dokumento bago sumapit ang Mayo 4, 2008 sa Teachers' Camp, Bagui City sa Pamunuan ng PASATAF.

5.1 Sertipikasyon mula sa Direktor ng Rehiyon na siya ang nanalo sa rehiyon
5.2 Katunayan ng kahusayan ng pag-uugali
5.3 Performance rating sa loob ng 3 taon (certified true copy)
5.4 Service record (certified true copy)
5.5 Transcript of records
5.6 Personal Data Sheet
5.7 Talaan ng mga seminar/pasanayang dinaluhan (may kalakip na dokumento)
5.8 Talaan ng natatanging nagawa (may kalakip na dokumento)

6. Ang aktwal na pakitang-turo ay isasagawa sa Mayo 6, 2008
7. Ang tatanghaling PASATAF Natatanging Guro sa Filipino ay pagkakalooban ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Natatanging Guro sa Elementarya | - | P5,000 at tropeyo |
| Natatanging Guro sa Sekundarya | - | P5,000 at tropeyo |
| Natatanging Guro sa Tersyarya | - | P5,000 at tropeyo |

Kalakip Blg. 2 sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 561, s. 2008

**MASINING NA PAGKUKUWENTO**

**Mga Tuntunin sa Paligsahan**

1. Bukas ang paligsahan sa mga guro sa elementarya at sekundarya sa mga paaralang publiko ng bawat rehiyon.

2. Layunin ng paligsahan na pasiglahin ang sining ng pagkukuwento gamit ang wikang Filipino bilang midyum sa isang paraang pupukaw sa interes o hilig ng mga guro sa pagbabasa lalo na mga aklat na nakasulat sa wikang Filipino.

3. Sa pagkukuwento, ang kalahok ay gagamit ng mga maaring orihinal o nailathala na, na di naman gaanong palasak. Maaring ito'y kuwentong bayan na may aral na nakapaloob, o iba pang kuwentong pambata hango sa kulturang Pilipino.

4. Bawat rehiyon ay magpapadala ng isang kalahok mula sa elementarya at isa mula sa sekundarya na siyang kinatawan nila.

5. Hindi pinapayagan ang paggamit ng props, musika/sound effects at espesyal na kasuotan. Ang kasuotan ng kalahok ay putting t-shirt at khaki o maong na pantalon.

6. Hindi pinapayagan ang pagkakaroon ng kasama/kawaksi habang nagkukuwento ang kalahok.

7. Ang pagkukuwento ay hindi hihigit sa walong (8) minuto.

8. Ang pamantayan sa paghatol ay gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| - *Paraan ng Pagkukuwento* – interaktibong pagkukuwento (casual, relaxed, conversational) | 40% |
| - Kuwentong Napili | 10% |
| - Dating sa Tagapakinig | 35% |
| - Tinig at Kilos | 25% |
| | **100%** |

9. Ang hatol ng mga inampalan ay pangwakas at di na mababago.

Kalakip Blg. 3 sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 561, s. 2008

# IKA- 37 PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

**Teachers Camp (Junior Mess), Lungsod ng Baguio**
**May 4- 7, 2009**

**TEMA: *"Ang PASATAF sa pagharap sa mga Isyung Pangwika"***

| Oras | Araw 1 ( Mayo 4 ) | Araw 2 ( Mayo 5 ) | Araw 3 ( Mayo 6 ) | Araw 4 ( Mayo 7 ) |
|---|---|---|---|---|
| **07- 12 n. t.** | Pagdating at Pagpapatala/ Rehistrasyon | Plenary Session 1<br>Panel Discussion<br>Paksa: ***Mga Napapanahong Isyung Pangwika***<br>Panelists: Dr. Erlinda Capones<br>Congressman Carlos M. Padilla,<br>Dr. Efren Abueg/Dr. Isagani Cruz<br>Malayang Talakayan<br><br>**Plenary Session 2**<br>**Paksa: *Panitikan***<br>**Tagapanayam: G. Edgar Reyes**<br>(R-III, R-V at ARMM) | **Plenary Session 4 (NETRC)**<br>**Paksa: *Pagsusuring Mababang Performance ng Filipino sa NAT***<br>Tagapanaym: Dr. Nelia Benito<br>(R- VIII at R- IX)<br><br>Paksa: ***Timpalak sa Masining na Pagkukuwento***<br>Mga Hurado: G. Manolo Silayan;<br>Dr. Luis Gatmaitan,<br>Kom. Jolad Santos<br><br>( R- X ,at R-XI ) | MISA s/p CAR<br>Plenary Session 5<br>Mga Paksa:<br>• GAWAD Parangal s/p Lupon<br>• Ebalwasyon s/p Lupon<br>• Pampinid na Palatuntunan s/p NCR |
| 12- 01 n. h. -<br>01- 03 n .h.<br><br><br><br><br>03 – 03:30n.h.<br>03:30 – 04:30<br><br>04:30 – 05:30<br><br><br><br><br>06– 07:00 n.g.<br><br>07- 10:00 n.g. | **PANANGHALIAN**<br>Mga Pagpupulong ng Pamunuan; Lupon ng mga Direktor; Mga Tagapangulo ng Lupon<br><br>**MERYENDA**<br>Pambukas na Palatuntunan<br><br>Oryentasyon ng mga Gawain<br>**s/p G. Mer G. Lalo**<br><br>**HAPUNAN**<br>Socialization (R-I at R-II) | **PANANGHALIAN**<br>**Parallel Session 1**<br>**Paksa: *Ang mga Bagong Kalakaran ng Kurikulum***<br>Mga Tagapanayam:<br>Dr. Quijano (Multi-lingual) Elem.<br>Dr. Lolita Andrada (SEC), Secundari<br>Dr. Paquito Badayos (CHED Memo No. 54, s. 2007), Tersyari<br>**MERYENDA**<br>Plenary Session 3<br>Paksa: ***Ang NCCA: Kabalikat ng PASATAF***<br>Tagapanayam:Dir. Cecille Q.Alvarez<br>Presentasyon ng mga Kalahok sa: Natatanging Guro; Mutya ng PASATAF; Makata ng PASATAF; Masining na Pagkukuwento<br>**( R-VI at R-VII )**<br>**HAPUNAN**<br>**INISASYON NG MGA BAGONG** KASAPI | **PANANGHALIAN**<br>Plenary Session 5<br>Paksa: ***Timpalak sa Makata ng PASATAF ng Taon***<br>Mga Hurado: Prof.Michael Coroza;<br>Prof. Eugene Evasco;<br>Bb. Angie Perez<br>( R-XII at CARAGA )<br><br>**MERYENDA**<br>Parallel Session 2<br>Paksa: ***Pagpili ng Natatanging Guro sa Filipino***<br>DEMO Teaching sa:<br>Elementari<br>Sekundari<br>Tersyari<br><br>**HAPUNAN**<br>Pagpili ng MUTYA ng PASATAF '09 | HOME<br><br>SWEET<br><br>HOME<br><br>Na po !!! |

Kalakip Blg. 4 sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 561, s. 2008

# PAMBANSANG SAMAHAN NG MGA TAGAMASID AT TAGAPAGTAGUYOD NG FILIPINO (PASATAF)

## Lupong Tagapayo

| | |
|---|---|
| Kagawaran ng Edukasyon, (DePED) | - Dr. Jesli A. Lapus |
| Kawanihan ng Sekundari Edukasyon (BSE, DepED) | - Dr. Lolita M. Andrada |
| Kawanihan ng Elementari Edukasyon (BEE, DepED) | - Dr. Yolanda S. Quijano |
| Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon (CHED) | - Dr. Emmanuel Angeles |
| Komisyon ng Wikang Filipino | - OIC, Chair. Jose Laderas Santos |

## Mga Honoraryong Tagapayo

Dr. Pedro O. San Vicente
Dr. Pablo G. Natividad
Dr. Alejandro S. Cruz

## Lupong Tagapagpaganap

| | | |
|---|---|---|
| Pangulo | - Dr. Marlene C. Tillah | (R-IX) |
| Pangalawang Pangulo | - Dr. Albert A. Macob | (R-I) |
| Pangalawang Pangulo (Luzon) | - Dr. Gertrudes H. Peji | (R-V) |
| Pangalawang Pangulo (Visayas) | - Dr. Bibiana C. Espina | (R-VI) |
| Pangalawang Pangulo (Mindanao) | - Dr. Parcasia M. Chiong | (ARMM) |
| Kalihim | - Dr. Esmeraldo G. Lalo | (R-IVB) |
| Katuwang na Kalihim | - Bb. Sandor B. Abad | (KWF) |
| Ingat-yaman | - Bb. Gloria I. Alday | (NCR) |
| Katuwang na Ingat-yaman | - G. Federico L. Reyno | (NCR) |
| Tagasuri | - Gng. Yolanda V. Gilbuena | (R-IVA) |
| Tagapagbalita | - Bb. Lilia P. Calegan | (R-XI) |

## Lupon ng mga Direktor

| | | | |
|---|---|---|---|
| Gng. Angeles C. Fiesta | (R-II) | Dr. Alice P. Estrella | (R-XII) |
| Bb. Trinidad P. Reyes | (R-III) | Dr. Virginia T. Lupian | (CAR) |
| Dr. Cresencia B. Catan | (R-VIII) | Dr. Charlita L. Ranoco | (CARAGA) |
| Gng. Norma C. Navarro | (R-X) | Bb. Leonida B. Villanueva | (KWF) |
| | | Atty. Julito D. Vitriolo | (CHED) |

**Lupon sa Ways & Means**

Tagapangulo - Komisyoner Jose Laderas Santos
Mga Mieyembro - Dr. Carmelita C. Abdurahman
- Dr. Bibiana C. Espina
- Dr. Parcasia M. Chiong

**Lupon sa Pananalapi**

Tagapangulo - Dr. Marlene C. Tillah
Mga Miyembro - Bb. Gloria I. Alday
- Gng. Yolanda V. Gilbuena
- G. Federico L. Reyno

**Lupon sa Akomodasyon**

Tagapangulo - Dr. Parcasia M. Chiong
Mga Miyembro - Prof. Cora Arenga
- Dr. Felixberto Labastilla
- Bb. Agape Joy Diaz
- Bb. Adela Tineso
- Bb. Zenaida Galamgam

**Lupon sa Edukasyon at Pagsasanay**

Tagapangulo - Dr. Albert A. Macob
Mga Miyembro - Dr. Esmeraldo G. Lalo
- Dr. Gertrudes H. Peji
- Bb. Sandor B. Abad
- Gng. Tita Robles
- G. Arnulfo Tirao

**Lupon sa Rehistrasyon/Pagpapatala**

Tagapangulo - Bb. Gloria I. Alday
Mga Ka-tagapangulo - Gng. Yolanda V.Gilbuena
- G. Federico L. Reyno

Mga Miyembro

| | |
|---|---|
| Bb. Trinidad P. Reyes | Gng. Angeles Fiesta |
| Dr. Elpidia B. Bergado | Bb. Zenaida Gonzales |
| Dr. Nancy Vargas | Prof. Elinor T. Cudia |
| Dr. Bibiana C. Espina | G. Manuel Cabalejo |
| Dr. Cresencia B. Catan | Bb. Lilia P. Calegan |
| Bb. Maribeth Gonzales | Dr. Charlita L. Ranoco |

**Lupon sa Pagpili ng Mutya ng PASATAF**
Tagapangulo - Dr. Cresencia B. Catan
Ka-tagapangulo - Dr.. Alice P. Estrella
Mga Miyembro - G. Arnulfo Tirao
- Bb. Lainez B. Catan
- G. Lanilo Macalla

**Lupon sa Ebalwasyon**
Tagapangulo - Dr. Bibiana C. Espina
Ka-tagapangulo - Dr. Charlita L. Ranoco
Mga Miyembro - Gng. Josefina Lacuna
- Gng. Sonia Herezo
- Hja. Meriam Haradji

**Lupon sa Resolusyon**
Tagapangulo - Dr. Gertrudes H. Peji
Ka-tagapangulo - Dr. Marcelli G. Macob
Miyembro - Gng. Evangeline Calinisan

**Lupon sa Kalatas Balita**
Tagapangulo - Bb. Lilia P. Calegan
Mga Miyembro - apat (4) na pipiliin ng **Tagapangulo**

**Lupon sa Medikal Yunit**
Tagapangulo - Dra. Lauren Ortiz
Ka-tagapangulo - Gng. Marilyn Batonghinog

**Lupon sa Dokumentasyon**
**Tagapangulo - Bb. Leonida B. Villanueva**
Ka-tagapangulo - Gng. Angeles C. Fiesta
Mga Miyembro - Bb. Lorna Lynn L. Wenceslao
- Gng. Imelda B. Eusebio
- Bb. Ma. Cristina P. Silvestre
- Gng. Edna R. Aquino
- Gng. Engracia F. Flores
- Gng. Crispina G. Valderama
- Gng. Carmencita L. Rillones
- G. Primo de Chavez
- G. Alfredo Alegre

**Lupon sa Gawad Pagkilala**
Tagapangulo - Dr. Esmeraldo G. Lalo
Mga Miyembro - Bb. Sandor B. Abad
- Dr. Elpidia B. Bergado
- Gng.. Marivic Malimban
- Dr. Celia Zaparita

**Lupon sa Inisasyon ng mga Bagong Kasapi**
Tagapangulo - Dr. Virginia T. Lupian
Ka-tagapangulo - Bb. Trinidad P. Reyes
Mga Miyembro - Dr. Encarnacion Amuyutan
- Gng. Agnes E. da Silva
- Gng. Norma C. Navarro

**Lupon sa Paanyaya at Pagtanggap**
Tagapangulo - Dr. Marlene C. Tillah
Ka-tagapangulo - Dr. Esmeraldo G. Lalo
Miyembro - Bb. Sandor B. Abad

**Lupon sa Teknikal (Coverage & etc.)**
Tagapangulo - Gng. Bernadette Narvasa
Mga Miyembro - dalawa (2) staff

**Natatanging Lupon sa mga proyekto sa PASATAF ni Kom. Jose L. Santos**
Tagapangulo - Kom. Jose Laderas Santos
Mga Miyembro - Bb. Rosie A. Martinez
- Gng. Rena N. Bondame
- Gng. Florencia C. dela Cruz